CITY OF LONG BEACH

# PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Hunyo 28, 2021

Kontak City of Long Beach Joint Information Center, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para Sa Agarang Paglabas

## Ang Delta Variant ng COVID-19 na Bayrus ay Natagpuan sa Long Beach

### *Hinihimok ng Lungsod ang Lahat ng Karapat-dapat ng mga residente na Magpabakuna*

Noong Hunyo 28, 2021 natuklasan ng Departamento ng Kalusugan ng Long Beach ang Delta Baryant ng COVID-19 na bayrus ay nasa ating lungsod na. Sa buong estado, ang pagkakaiba-iba ng Delta Baryant ay tumaas mula sa 4.5% na porsyento ng mga sampol na kaso noong Mayo 21 hanggang 14.5% na porsyento noong Hunyo 21. Ang baryant na ito, na pinaniniwalaan na mas madali mailipat/makahawa sa iba at mas malamang na maging sanhi ng matinding karamdaman ay labis na nagbibigay ng pag-aalala lalo na sa mga hindi pa nabakunahang mga tao. Saan man sa bansa at sa buong mundo ang mga tulin ng kaso ng pagka-hospital ay mabilis na tumataas sa mga populasyon ng mga hindi pa nabakunahan. Ang baryant ng Delta ay mabilis na kumakalat at inaasahang magiging nangingibabaw na baryant sa Estados Unidos sa loob na mga linggo.

HInihimok ng Kagawaran ng Kalusugan ang lahat na mabakunahan. Ang mga abeylabol na bakuna sa COVID-19 ay nagbibigay ng proteksyon laban sa bagong baryant na ito at mas maraming mga tao na nabakunahan ay mas may pagkakataon na maging mas mababa ang kaso ng anumang kaso ng baryant kabilang na ang Delta ay maging mas malaki ang pagkakataon na masupil ng ating komunidad.

Ang mga bakuna ay ligtas at mabisa sa pag-iwas sa mga kaso ng COVID-19 pati na rin ang pag-iwas sa malubhang karamdaman o pagkamatay sa mga tagumpay ng kaso ng bayrus. Sa nagdaang anim na buwan, ang 99.8% na porsyento na kaugnay ng pagkamatay sa COVID-19 sa buong Lalawigan ng Los Angeles ay nakita sa mga hindi pa nabakunahan na mga tao.

CITY OF LONGBEACH

# PRESS RELEASE

Ang Lungsod ay nag-aalok ng mga klinika 6 na araw sa isang linggo: ang mga iskedyul ay maaaring matatagpuan sa longbeach.gov/vaxlb. Walang kinakailangang apoyntment sa mga klinika ng bakuna na pinamamahalaan ng Lungsod. Ang mga tao ay maaari ring makipag-ugnayan sa kanilang tagabigay ng pangangalaga ng kalusugan o mga botika sa mga iba't-ibang lugar o manyaring bisitahin ang myturn.ca.gov upang magsagawa ng apoyntment. Ang mga bakuna ay abeylabol sa lahat na may edad 12 taong gulang at mas matanda kahit na anupaman ang estado sa imigrasyon at anglahat ng bakuna ay libre.

Ang sinumang nakakaranas ng mga sintomas tulad ng COVID-19, kabilang na ang lagnat o panginginig, ubo, hirap sa paghinga, ma-igsing paghinga, pagkapagod, pananakit ng kalamnan o katawan, sakit ng ulo, bagong pagkawala ng lasa o amoy, namamagang lalamunan, kasikipan ng ilong, pagsusuka, o pagtatae ay dapat na ma-testing para sa COVID-19. Abeylabol ang lahat ng pag-testing sa City-run sites araw-araw; ang mga tao ay maaari ring makipag ugnayan sa kanilang mga tagapangalaga ng kanilang kalusugan, o pumunta sa mga botika para maka-pagpa test..

Para sa mga balita tungkol sa midya ay maaaring idirekta sa Sektor sa Pinagsamang Impormasyon sa Lungsod jic@longbeach.gov or 562.570.NEWS.

###